


# Filipino

## Ikatlong Markahan – Modyul 1: Mitolohiya mula sa Africa (Panitikan ng Africa at Persia)



**Filipino – Baitang 10**  
**Alternative Delivery Mode**  
**Ikatlong Markahan – Modyul 1: Mitolohiya ng Africa (Panitikan ng Africa at Persia)**  
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

<b>Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul</b>		
<b>Manunulat:</b>	<b>Jade L. Til-Adan</b>	<b>Rowena R. Abad</b>
<b>Editor:</b>	<b>Elsa M. Calado</b>	<b>Genevieve B. Ugay</b>
	<b>Bernardo T. Rombawa</b>	<b>Emeliza P. Abulencia</b>
<b>Tagasuri:</b>	<b>Arabella May Z. Soniega</b>	<b>Editha T. Giron</b>
	<b>Gina A. Amoyen</b>	<b>Jon Jon D. Garcia</b>
<b>Tagaguhit:</b>	<b>Jade L. Til-Adan</b>	
<b>Tagalapat:</b>	<b>Crisanto P. Uberita</b>	<b>Mary Ann L. Cabilan</b>
	<b>Jerson Rod A. Acosta</b>	
<b>Tagapamahala:</b>	<b>Tolentino G. Aquino</b>	<b>Rowena C. Banzon</b>
	<b>Arlene A. Niro</b>	<b>Agnes B. Cacap</b>
	<b>Gina A. Amoyen</b>	<b>Genevieve B. Ugay</b>
	<b>Editha T. Giron</b>	<b>Bernardo T. Rombawa</b>

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region I**

Office Address: Flores St., Catbangan, City of San Fernando, La Union

Telefax: (072) 682-2324; 607-8137

E-mail Address: region1@deped.gov.ph

**10**

# **Filipino**

**Ikatlong Markahan – Modyul 1:  
Mitolohiya mula sa Africa  
(Panitikan ng Africa at Persia)**

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## Alamin

*Magandang araw sa iyo mahal kong mag-aaral! Tiyak kong natuto ka sa mga nakaraang aralin at nais mo pang magpatuloy sa pagkatuto. Halina't galugarin natin ang mga bansa ng Africa at Persia. Hindi lamang iyan, mapag-aaralan din natin ang mitolohiya mula sa mga lugar na ito.*

*Sa gagawing pagdalumat sa bawat mitolohiyang mababasa ay magkakaroon ka ng sariling kamalayan sa iba't ibang kultura at kaugalian.*

Ang **Modyul 1** ay tumatalakay tungkol sa mga mitolohiyang mula sa Africa at Persia. Ang kontinenteng Africa ay pangalawa sa pinakamalawak na kontinente at pangalawa rin sa pinakamaraming bilang ng tao sa mundo. Sa dami ng tribong naninirahan sa kontinenteng ito ay gayundin ang katumbas na yaman nito sa kanilang kaugalian at kultura.

Ang Persia na mas kilala ngayon bilang bansang Iran ay isa sa mga pinakamatagal na imperyo sa ika-16 na siglo kung kaya't masasabing ito'y naging isa sa pinakamatandang sibilisasyon na nabuhay sa mundo. Ibig sabihin, sa tagal ng panahon na pananatili nito ay nagkaroon din sila ng mayamang kultura na nakapaloob sa kanilang literatura.

Sa paggalugad sa bawat mitolohiya ay magkakaroon ka ng pagkakataong pag-aralan ang pagsasaling-wika. Ang mga pamantayan sa pagsasaling-wika ay magiging bahagi sa talakayan ng araling ito. Ilan sa mga gawain ay pagsasalin ng mga akdang pampanitikan alinsunod sa pamantayan sa pagsasaling-wika.

Sa pagtatapos ng araling ito ay inaasahang masasagot nang may pag-unawa ang mga pokus na tanong na: Paano makatutulong ang mitolohiya na magkaroon ng kamalayan sa kultura at kaugalian ng isang bansa? Ano-ano ang mga suliraning kinakaharap sa pagsasaling-wika?

Sa pag-aaral ng modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod:

### **Mga Pinakamahahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC)**

1. Nabibigyang-puna ang napanood na *video clip* **F1OPD-IIIa-74**
2. Nasusuri ang mga kaisipang nakapaloob sa mitolohiya batay sa:  
suliranin ng akda, kilos, gawi ng tauhan at desisyon ng tauhan.  
**F1OPB-IIIa-80**
3. Naipaliliwanag ang pagkakaiba at pagkakatulad ng mitolohiyang Africa at Persia **F1OPN-IIIa-76**
4. Nagagamit nang angkop ang mga pamantayan sa pagsasaling-wika  
**F10WG-IIIa-71**
5. Napangangatuwiran ang sariling reaksiyon tungkol sa akdang binasa sa pamamagitan ng debate/pagtatalo **F10PS-IIIa-78**



## **Subukin**

*Bago natin tahakin ang mundo ng mitolohiya, magkakaroon muna tayo ng paunang pagtataya upang malaman ang iyong inisyal na kaalaman hinggil sa paksang tatalakayin.*

### **Paunang Pagtataya**

Panuto: Basahing mabuti ang sumusunod na tanong. Isulat ang letra ng tamang sagot.

- \_\_\_\_\_ 1. Saang kontinente kabilang ang Republika ng Kenya?  
A. Amerika    B. Africa    C. Asya    D. Europa
- \_\_\_\_\_ 2. Ano ang tawag sa paglilipat ng pinakamalapit na katumbas na diwa at estilong nasa wikang isasalin?  
A. gramatika    C. pagpapakahulugan  
B. panlapi    D. pagsasaling-wika
- \_\_\_\_\_ 3. Ano ang nararapat na paraan sa pagsasaling-wika?  
1. bawat talata    C. buong pangungusap  
2. diwa ng salita    D. salita sa salita
- \_\_\_\_\_ 4. Ano ang may pinakamalaking ambag sa paglago ng kulturang Africa?  
A. lumalawak na pananakop ng dayuhan  
B. malakihang migrasyon ng iba't ibang lahi  
C. maraming awayan ng bawat tribo sa Africa  
D. kawalan ng yamang mineral sa kinasasakupan
- \_\_\_\_\_ 5. Bakit mahalaga ang pagsasaling-wika?  
A. nakokopya ang gawa ng iba  
B. nababago ang kahulugan ng mensahe  
C. napupunan ang kakulangan ng talasalitaan  
D. nakapagpapalaganap ng kaalaman o kaisipang nakapaloob sa akda
- \_\_\_\_\_ 6. Suriin ang pagkakasalin ng pangungusap sa loob ng kahon sa ibaba, alin ang pinakaunang pamantayan na dapat isaalang-alang?

Those who remain in God's love have the hope in enjoying the real life.	Ang sinomang tao na patuloy na nananalig sa pagmamahal ng Diyos ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan.
---	--

- A. Basahin nang paulit-ulit.
- B. Ikumpara ang ginawang salin
- C. Suriin ang bawat salita sa isinasalin
- D. May sapat na kaalaman sa dalawang wikang kasangkot.

\_\_\_\_7. Ano ang katawagan sa pamamahala ng **kababaihan** sa isang nasasakupan?  
A. matrilinear    B. patrilinear    C. komunismo    D. monarkiya

\_\_\_\_8. Ano ang katawagan sa pamamahala ng **kalalakhian** sa isang nasasakupan?  
A. matrilinear    B. patrilinear    C. komunismo    D. monarkiya

\_\_\_\_9. Mula sa pahayag na nakalagay sa kahon sa ibaba, ano ang ibig sabihin ng salitang binigyang diin?

Habang ang parirala nito ay inaawit ng mga nasa labas ng bilangguan, bigla siyang nakahulagpos sa **tanikala** nang hindi nakikita ng bantay.

- A. kadena
- B. kamatayan
- C. maraming problema
- D. malaking sakuna

\_\_\_\_10. Bakit kailangang pag-aralan ang mga mitolohiya?  
A. upang makapamilya ng relihiyon  
B. upang maipaliwanag ang hinaharap  
C. upang magkaroon ng kaalaman sa ikauunlad ng gawaing panlipunan  
D. upang maipaliwang ang magandang dulot ng digmaan sa nakaraan

**Aralin**

**1.1**

**Mitolohiya mula  
sa Africa  
Panitikan: Liongo**



**Balikan**

*Naaalala mo pa ba ang mga paksang natalakay mula sa nakaraang aralin? Natitiyak ko na sa susunod na gawain ay babalik sa iyong alaala ang mga paksang natalakay. Halina at simulan na nating magbalik-tanaw.*

**Gawain 1. Pagtambalin Natin!**

*Suriin ang mga akdang pampanitikan sa hanay A at hanapin sa hanay B kung anong uri ng panitikan ito. Isulat ang napiling letra sa sagutang papel.*

**Pangkat A**

- \_\_\_ 1. Dilma Rousseff sa Kaniyang Inagurasyon
- \_\_\_ 2. Ako Po'y Pitong Taong Gulang
- \_\_\_ 3. Ang Matanda at Ang Dagat
- \_\_\_ 4. Sina Thor at Loki sa Lupain ng mga Higante
- \_\_\_ 5. Ang Aking Pag-ibig
- \_\_\_ 6. Sintahang Romeo at Juliet
- \_\_\_ 7. Aginaldo ng mga Mago

**Pangkat B**

- a. Maikling kwento
- b. Dagli
- c. Mito
- d. Nobela
- e. Dula
- f. Talumpati
- g. Tula






# Tuklasin

## Gawain 2. Tara, Manood Tayo!

Upang lalo mong maunawaan ang paksang tatalakayin, panoorin ang video clip sa link na <https://www.youtube.com/watch?v=L9JirSoTnWw> na tumatalakay sa kaugalian, kultura at arkitektura ng mga taga-Africa. Pagkatapos nito’y isulat mo ang iyong reaksiyon sa pinanood na video.



**REAKSIYON**

---

---

---

---

## Gawain 3. Itala Mo!

Mula sa napanood na video clip, itala ang tradisyon, paniniwala at kulturang masasalaming dito. Gayahin ang pormat sa ibaba.

<b>Tradisyon</b>		
	<b>Paniniwala</b>	<b>Kultura</b>

#### **Gawain 4. Basahin at Unawain natin!**

Basahin ang mitolohiya mula sa bansang Kenya ng Africa. Sa akdang ito, malalaman mo ang mga kultura at tradisyon ng kanilang bansa.

### **Liongo**

Isinalin sa Filipino ni Roderic P. Urgelles

Isinilang si Liongo sa isa sa pitong bayang nasa baybaying- dagat ng Kenya. Siya ang nagmamay-ari ng karangalan bilang pinakamahusay na makata sa kanilang lugar. Malakas at mataas din siya tulad ng isang higante at hindi nasusugatan ng anumang mga armas. Ngunit, kung siya'y tatamaan ng karayom sa kaniyang pusod ay mamamatay siya. Tanging si Liongo at ang kaniyang inang si Mbwasho ang nakaaalam nito. Hari siya ng Ozi at Ungwana sa Tana Delta, at Shangha sa Faza o isla ng ~~ng~~ Pate.

Nagtagumpay siya sa pananakop sa trono ng Pate na unang napunta sa kanyang pinsang si Haring Ahmad (Hemedi) na kinilalang kauna- unahang namuno sa Islam. Ang pagbabago ay naging mabilis mula sa Matrilinear na pamamahala ng kababaihan tungo sa Patrilinear na pamamahala ng kalalakihan sa pagsasalin ng trono. Nais ni Haring Ahmad na mawala si Liongo kaya ikinadena at ikinulong siya nito. Nakaisip si Liongo ng isang pagpupuri. Habang ang parirala (refrain) nito ay inawit ng mga nasa labas ng bilangguan, bigla siyang nakahulagpos sa tanikala nang hindi nakikita ng bantay.

Nang makita ito ng mga tao, tumigil sila sa pag-awit. Tumakas siya at nanirahan sa Watwa kasama ang mga taong naninirahan sa kagubatan. Nagsanay siyang mabuti sa paghawak ng busog at palaso at kalaunan ay nanalo siya sa paligsahan ng pagpana. Ito pala'y pakana ng hari upang siya ay madakip ngunit muli na naman siyang nakatakas. Kakaunti lang ang nakaaalam tungkol sa matagumpay na pagwawagi ni Liongo sa digmaan laban sa mga Gala (Wagala).

Kaya naibigay ng hari ang kaniyang anak na dalaga upang ang bayaning si Liongo ay mapabilang sa kaniyang pamilya. Nang lumaon, si Liongo ay nagkaanak ng isang lalaki na nagtraydor at pumatay sa kaniya.

*Hango sa Department of Education. Filipino Ikasampung Baitang: Modyul para sa Mag-aaral. DepEd IMCS, Pasig. FirstEdition, 2015*

*Liongo: Mitolohiya mula sa aklat ni Ambat, Vilma C. Isinalin sa Filipino ni Roderic P. Urgelles*

### Gawain 5. Tayo'y Magsuri!

Basahin at sagutin ang mga tanong.

1. Batay sa tekstong binasa, ano ang suliraning kinaharap ng pangunahing tauhan sa mitolohiya?

Pangunahing Tauhan	➔	<b>SULIRANIN</b> _____ _____ _____ _____
-----------------------	---	--

2. Masasabi mo bang tama ang mga naging desisyon ng pangunahing tauhan? Patunayan.

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

3. Piliin ang mga *emoticon* ayon sa iyong naramdaman pagkatapos basahin ang huling bahagi ng mitolohiya. Sumulat din ng sariling reaksiyon hinggil sa iyong naramdaman.

**Nang lumaon si Liongo ay nagkaanak ng isang lalaki na nagtraydor at pumatay sa kaniya.**



	<b>Reaksiyon</b>	
_____		
_____		
_____		

### Gawain 6. Iugnay Mo!

Sa kasalukuyang panahon, may kilala ka bang personalidad sa lipunan na katulad ni Liongo? Kung mayroon, isulat ang kanyang pangalan at magbigay ng apat niyang mabubuting gawi at kilos sa lipunan gamit ang Word Association.

\_\_\_\_\_  
**PANGALAN ng PERSONALIDAD**

\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

4. Anong mahalagang mensahe ang nais iparating ng binasang akda?  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
5. Kanino mo ibabahagi ang mga kaisipang nakapaloob sa mitolohiya?  
Bakit?  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
6. Bilang isang mag-aaral, paano mo isasabuhay ang mensahe ng mitolohiyang Liongo?  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_



## ***Suriin***

Ang **mitolohiya** na nagmula sa kontinente ng **Africa** ay may malaking koneksiyon sa mga kulturang **Islam, Arab, Mediterano, at Kristiyano** kung saan pinaniniwalaang ang malakihang migrasyon ng iba't ibang lahi ay nakapag-ambag sa paglago ng kultura ng Africa.

Ang mitolohiya ng **Africa** ay nakabatay sa mga halo-halong paniniwala at kultura ng iba't ibang tribo na naninirahan sa bawat dako ng kontinente. kadalasang taglay ng mitolohiyang ito ang tema na binubuo ng mga iba't ibang diyos, kaluluwa ng mga yumao, at kuwento ng mga mitolohikal na bayani at mga hari.

Napakahalaga rin ng mitolohiya sa kadahilanang ginawa ang mga ito upang magbigay aliw sa bawat mambabasa o mga tagapakinig. Mula sa magagandang kuwento, mapalalawak ang kanilang imahinasyon, mamamangha sa bawat taglay na hiwaga at maiikintal sa sinumang mambabasa ang mabubuting aral mula rito.



## ***Pagyamanin***

*Basahin mo pa ang isang mitolohiyang sumasalamin naman sa kultura ng Persia at ang pananaw hinggil sa paglikha ng sangkatauhan.*

### **Mashya at Mashyana: Mito ng Pagkalikha**

Mula sa primebal na hayop na Gayomart na hindi lalaki at babae, nagmula ang ikaanim na paglikha ni Ahura Ohrmuzd. Sa kabilang banda, si Ahriman Mainyu na sinasabing espiritu ng masama at naninirahan sa kadiliman ay naghanged na wasakin ang lahat ng nilikha ni Ahura Ohrmuzd.

Inisip naman ni Ahura Ohrmuzd na patayin si Gayomard kaya nagpadala siya ng demonesa sa katauhan ni Jeh.

Nagtagumpay ang demonesa, subalit nabihag siya ng buwan na si Mah. Mula sa binhi ni Gayomard bago siya namatay ay lumago at mula sa kaniyang bangkay ay may tumubong isang puno na pinagmulan ng lahat ng may buhay na halaman at dito nanggaling sina Mashya at Mashyana.

Tumulong si Mashya at Mashyana sa pakikipaglaban kay Ahriman Mainyu. Nagkaroon ng mga anak sina Mashya at Mashyana na tig-15 kambal na kumalat sa buong daigdig at maging mga lahi ng sangkatauhan.





*Hango sa Department of Education. Filipino Ikasampung Baitang: Modyul para sa Mag-aaral. DepEd IMCS, Pasig. FirstEdition, 2015,*

*Mashya at Mashyana mula sa orihinal na aklat na Elements of Literature nina Holt et. al Maaaring panoorin ang buod ng kwento sa link na ito:*

<https://www.youtube.com/watch?v=mJP--8vMB0w>

**Gawain 6. Damdamin Mo, I-emoticon Ko!**


Gamit ang *EMOTICON*, ilahad ang inyong nararamdaman sa suliranin ng akda, kilos, gawi, at desisyon ng tauhan. Iguhit ang mga ito sa sagutang papel at sagutin ang tanong.

- Emoticon:**  masaya       nag-aalinlangan  
 malungkot       galit/poot

Mga Tanong	EMOTICON	KASAGUTAN
1. Ano ang naging paksa ng <b>mitolohiya</b> ?		
2. Ano ang pagkakaiba sa hangarin ni <b>Ahriman Mainyu at ni Ahura Ohrmuzd</b> ?		
3. Naniniwala ka ba na ang pagkamatay ni <b>Gayomard</b> sa kamay ni <b>Ahura Ohrmuzd</b> ang mitsa ng malaking suliranin ng kuwento? Patunayan.		
4. Sa iyong palagay, ano ang dahilan kung bakit nagpasyang tumulong sa pakikipaglaban sina Mashya at Mashyana kontra kay <b>Ahriman Mainyu</b> ?		

**Gawain 7. Paghambingin Natin!**

Batay sa mga nabasang mitolohiya mula sa Persia at Africa, isulat ang pagkakaiba at pagkakatulad ng mga ito gamit ang Venn Diagram.



## Aralin 1.2

# Wika at Gramatika: Mga Pamantayan sa Pagsasaling-Wika

*Kaaya-aya ang pagpupursiging iyong ipinamalas sa natapos na gawain. Ito ang nagpapatunay na handa ka nang suungin ang mga panibagong kaalaman sa pagkatuto. Siguradong mas gaganahan ka pang matuto kung ipagpapatuloy mo ang kasunod na bahagi ng modyul na ito hinggil sa pagsasaling-wika.*



### **Balikan**

*Mahusay ang iyong pinamalas na kahusayan sa pagtahak sa unang bahagi ng modyul. Masusubukan natin ang kahusayan mo sa nakaraang paksa kung masasagot mo ang kasunod na gawain. Kung natapos mo nang maayos ang unang bahagi ng modyul ibig sabihin nito, magagawa mo rin ito kasabay ng pagpupursigi.*

#### **Gawain 1. Alalahanin Natin!**

*Mula sa mga nabasang mitolohiya, magbigay ng mga di- pangkaraniwang katangian ng tauhan at pangyayaring nabanggit. Isulat ang sagot sa-espasyong inilaan sa baba.*

Di-pangkaraniwang  
katangian ng tauhan  
at pangyayari

1.

2.

3.



## Tuklasin

Upang lalo mong maunawaan kung ano ang **mitolohiya**, basahin ang isang mitolohiyang nagmula sa bansang **Nigeria**. Unawain ang buod at sagutin ang mga kasunod na gawain.

### Maaring Lumipad ang Tao

Isinalaysay ni Virgina Hamilton  
at isinalin sa Filipino ni Roderic P. Urgelles

Sinasabing iniingatan ng mga taong nakalilipad ang kanilang kapangyarihan kahit na inaalís nila ang kanilang pakpak. Inililihim nila ang kanilang kapangyarihan sa lupain ng mga alipin. Sila ay nagbalatkayong mga tao mula sa Africa na may maitim na balat. Hindi nila maaaring ipaalam sa mga ito kung sino ang nakalilipad at ang hindi.

May matandang lalaki na nagngangalang Toby na may mataas na tindig. Samantalang ang batang babae na dating may pakpak ay si Sarah na may batang nakatali sa kaniyang likod at nanginginig siya kung mabigat ang mga gawain. Sa ganitong pangyayari, sinisigawan siya ng tagapagbantay ng lupain. Nagtatrabaho siya sa palayan mula sa pagsikat ng araw hanggang sa paglubog nito.

Ang nagbabantay sa kanila ay nakasakay sa likod ng kabayo at itinuturo ang mga aliping mabagal magtrabaho. Hinahampas ng latigo ang mga mabagal sa gawain upang maging mabilis ang kanilang paggawa.

“Patahimikin mo iyan,” sabi ng tagapagbantay sabay turo sa bata. Hinawakan niya sa balikat si Sarah hanggang sa mapaluhod ito. Hinampas niya ang bata ng latigo hanggang sa ito’y bumagsak sa lupa.

Ang matandang naroroon na si Toby ang tumulong kina Sarah. “Aalis ako nang mabilis,” sabi niya pagdaka. Hindi makatayo nang tuwid si Sarah sapagkat napakahina niya at nasusunog na ng araw ang kaniyang mukha. Ang bata ay umiiyak nang umiiyak. “Kaawaan mo kami, kaawaan mo kami.” Naghihimutok na sinabi ni Sarah habang napaupo na lamang sa pilapil.

“Tumayo ka, ikaw, maitim na baka” hiyaw ng tagapagbantay, itinuro si Sarah at muli na namang hinampas ng latigo sa hita at ang sako niyang damit ay naging basahan. Ang dugo sa kaniyang sugat ay humalo sa putik, di siya makatayo. Nandoon si Toby, ngunit kahit isa ay walang makatulong sa kaniya. “Ngayon na, bago pa mahuli ang lahat.” “Sige anak, ngayon na ang panahon,” sagot ni Toby “Humayo ka, kung alam mo kung paano ka makaaalis.”



“Kum... yali, Kumbuba tambe,” at ang mga salita na may kapangyarihan ang kanilang mabilis na nasambit nang pabulong at pabuntunghininga. Tumaas ang isang paa ni Sarah sa hangin.

Noong una ay di maayos ang kaniyang paglipad na hawak-hawak nang mahigpit ang kaniyang anak. Naramdaman niya ang mahika, ang misteryo ng salita ng Africa, sinabi niya na malaya na siya tulad ng isang ibon, na animo’y balahibong umiilanlang sa hangin.

Ang bantay ay nagronda habang humihyaw, sumisigaw. Samantalang si Sarah, at ang kaniyang anak ay lumilipad sa bakuran, sa mga kahoy, sa mga nagtataasang puno na hindi siya nakikita maging ng tagapagbantay. Lumilipad siyang tulad ng isang agila hanggang sa unti-unti na silang makita ng mga taong nasa ibaba. Walang sinoman ang makapagsalita tungkol dito, hindi makapaniwala, subalit nakita nila ito.

Nang sumunod na mga araw ay may nakitang patay na nakahandusay sa mainit na palayan, isang batang lalaking alipin. Nakita siya ng tagapagbantay at nilatigo siya, bumagsak ang bata. Pinuntahan siya ni Toby at sinabi nito ang salita ng lumang Africa na minsan lang niyang narinig kaya hindi niya agad naintindihan. Nakalimutan ng bata ang narinig niya. Nagtungo si Toby at muling naibulong sa bata, nakuha niya ang tamang salita. Nagpagulong-gulong siya sa hangin. Pansamantala siyang nakalipad at siya ay idinuyan sa mainit na simoy ng hangin at muli siyang nakalipad.

Iba-iba pa ang bumagsak dahil sa init, naroon lagi si Toby. Umiiyak siya sa nakikita niyang bumabagsak at nandiyan siya upang iabot ang kaniyang kamay “kumkumka yali, kum... tambe!” Pabulong niyang sabi at muli na naman silang nakalipad at pumailanlang sa hangin. Ang isang lumilipad ay maitim at may makislap na tungkod habang sila ay nasa taas ng ulo ng tagapagbantay. Dumako sila sa pilapil, sa palayan, sa bakuran, at sa batis na dinadaluyan ng tubig.

“Bihagin ang matanda,” sabi ng tagapagbantay. “Narinig ko siyang sinabi ang mahiwagang salita, bihagin siya.” Samantala may isang tumatawag. Nakuha na ng tagapagbantay ang kaniyang latigo upang itali si Toby. Kinuha niya ang kaniyang baril upang patayin si Toby.

Natawa lang si Toby, lumingon siya at sinabing “heeee, heee! Hindi ninyo kilala kung sino ako? Hindi rin ninyo alam kung sino pa ang ibang tulad naming nasa palayan.” At muli niyang naibulong ang mahiwagang salita bilang pangako sa angkan ng mga itim, sinabi niya ito sa lahat ng mga kalahi nilang nasa palayan sa ilalim ng malupit na latigo.

“Buba... Yali... Buba... tambe...”

May napakalakas na sigawan at hiyawan at ang mga baluktot na likod ay naunat. Ang matatanda at batang mga alipin ay nakalipad na magkakahawak-kamay. Nagsasalita habang nakabilog animo’y singsing, umaawit pero hindi sila magkakahalo. Hindi pala sila umaawit, sila’y

lumilipad sa hangin, langkay-langkay na animo mga ibong tumatakip sa asul na kalangitan, maiitim na anino. Tanaw nila ang plantasyon, ang taniman, paalis sa lupain ng mga alipin. Lumilipad sila patungo sa kanilang kalayaan.

Kasabay nilang lumilipad si Toby at sila ay iniingatan nito. Hindi siya umiiyak, hindi siya tumatawa, siya ay tagagabay. Nakita niya sa taniman ang mga katutubong alipin na naghihintay kung sila ay makalilipad na tulad nila.

Hindi na nila nahintay na sila ay maturuang lumipad. Naghintay ng pagkakataon na makatakbo. “Paalam” ang sabi ng matandang tumatawag na si Toby, “Kausapin mo silang mga ulilang kaluluwa!” At siya ay lumipad at naglaho.

Ang mga aliping hindi nakalipad ay nagpatuloy sa pagkukuwento sa kanilang mga anak. Ang pangyayaring ito ay hindi nila malilimutan. Naalala nila noong sila ay malaya at nakaupo sa paligid ng kanilang lupang tinubuan.

Sinabi nila sa mga bata ang tungkol sa mga taong hindi nakalilipad hanggang ngayon.

*Hango sa Department of Education. Filipino Ikasampung Baitang: Modyul para sa Mag-aaral. DepEd IMCS, Pasig. First Edition, 2015*

*Maaring lumipad ang tao mula sa aklat ni Ambat, Vilma C. Isinalaysay ni Virgina Hamilton at isinalin sa Filipino ni Roderic P. Urgelles.*

*Mainam ang ginawang pagbabasa. Sa pamamagitan nito, madali mong maisagawa ang mga gawain at magkakaroon ka pa ng mas malalim na kaalaman sa kultura ng Africa.*



## **Isaisip**


*Kaaya-aya ang iyong ipinakitang tiyaga sa pagbasa sa teksto. Sikapin mong suriin ang nabasang teksto sa pamamagitan ng pagsusur ng teksto.*



### **Gawain 2: Kuwento ko, Suriin Mo!**

*Mula sa binasang akda, tukuyin ang layunin ng awtor, damdamin ng mitolohiya at mga natatanging katangian ng tauhan gamit ang talahanayan.*


<b>Pamagat ng Kuwento</b>		
<b>Layunin ng awtor</b>	<b>Damdamin ng teksto</b>	<b>Natatanging katangian ng tauhan</b>
_____	_____	_____
_____	_____	_____
_____	_____	_____

**Gawain 3: I-like at Mag-comment!**


Tukuyin at isulat ang mga kaisipan nakapaloob sa binasang mitolohiya. Lagyan ng **tsek**  ang **LIKE** icon kung ang kaisipan ay may **katotohanan** at **DISLIKE** icon naman kung **walang katotohanan**. Magkomento kung bakit napili ang **LIKE** o **DISLIKE** icon.


Mga Kaisipan na nakapaloob sa Mitolohiya	Like 	Dislike 	Komento
1.			
2.			
3.			
4.			
5.			


Bilang paglalagom sa lahat ng kaisipan sa katatapos na gawain, Bumuo ng isang **HUGOT LINE** gamit ang *template* sa ibaba.




Hugot line








---



Like

Comment





## **Surin**

*Kasiya-siya ang iyong pagiging matiyaga sa pagsagot ng ating gawain. Sa bahaging ito, mahahasa ang iyong kasanayan sa pagsasaling-wika.*

### **Alam mo ba na...**

Ang **pagsasaling-wika** ay ang paglilipat sa pinagsasalinang wika ng pinakamalapit na katumbas na diwa at estilong nasa wikang isasalin. Ang isasalin ay ang **diwa** ng talata at hindi ng bawat salitang bumubuo rito. (Santiago, 2003) Mahalaga sa isang salin ay kailangang katulad ng orihinal sa diwa o mensahe.

Ayon naman kay Nida (1994), Ang pagsasalin ay pagbuo sa tumatanggap na wika ng pinakamalapit at likas na katumbas ng mensahe ng simulaing wika, una ay sa kahulugan at ikalawa ay sa estilo. Ang estilo at paraan ng pagkasulat ay kailangang katulad ng sa orihinal.

Binigyan naman ng pagpakahulugan ang pagsasaling-wika ng manunulat ng aklat na ni Savory noong 1986 sa kanyang aklat na *The Art of Translation*. Binanggit nito, na ang pagsasaling wika ay isang proseso na maaaring maisagawa sa pamamagitan ng pagtutumbas sa ideyang nasa likod ng pananalita.


Sa madaling salita, ang pagsasaling wika ay ang pagsasalin o paglilipat sa pinakamalapit na katumbas na mensahe ng tekstong isinalin sa wika o dayalektong pinagsasalinan.

### **Mga Katangiang Dapat Taglayin ng Isang Tagapagsalin**

1. Ang isang tagapagsalin ay kailangang may sapat na kaalaman sa dalawang wikang kasangkot sa pagsasalin.
2. Kinakailangang magkaroon ang tagapagsalin ng sapat na kaalaman sa gramatika ng dalawang wikang kasangkot sa pagsasalin.
3. Kinakailangang may sapat na kaalaman ang tagapagsalin sa paksang isasalin sapagkat siya ang higit na nakaaalam at nakauunawa sa mga konseptong nakapaloob dito
4. Nagtataglay ang tagapagsalin ng sapat na kakayahan sa pampanitikang paraan ng pagpapahayag
5. Kinakailangan ding magkaroon ng sapat na kaalaman sa kultura ng dalawang bansang kaugnay sa pagsasalin.

### **Gabay sa Pagsasaling-wika**

1. Basahing mabuti ang buong tekstong isasalin at unawain ang kabuoang diwa nito.
2. Tandaang mahalaga para sa tagapagsalin na magkaroon ng malawak na kaalaman sa wikang isasalin at sa wikang pagsasalinan.
3. Mahalaga rin ang kakayahang makapagsulat nang maayos at maging pamilyar sa mga estilo ng pagsulat sa dalawang wikang kasangkot sa pagsasalin.
  - a. Isagawa ang unang pagsasalin. Isaisip na ang pagsasalin ay diwa at hindi salita.
  - b. Basahin at suriing mabuti ang pagkakasalin. Tandaan ang pagdaragdag, pagbabawas, pagpapalit, o pagbabago sa orihinal na diwa ng isinasalin nang walang makabuluhang dahilan ay isang paglabag sa tungkulin ng tagapagsalin
  - c. Rebisahin ang salin upang ito'y maging totoo sa diwa ng orihinal. Pansinin din ang aspektong panggramatika ng dalawang wikang kasama sa pagsasalin.
  - d. Kung gagamit ng diksiyonaryo ay isaalang-alang ang iba't ibang kahulugan ng isang salita. Kakailanganin ng isang mag-aaral ang pagsasanay upang makuha ang kahulugang angkop sa konteksto ng pangungusap.



## Isagawa

Mainam! Nakarating ka na sa bahaging ito at malapit mo nang matapos ang aralin. Makatutulong sa iyo ang mga kaalaman hinggil sa katangian na dapat taglayin ng isang tagapagsalin. Tiyak na handa ka sa mga pagsasanay natin.

### Pagsasanay 1. Tara, Magsalin Tayo!

- A. Basahin ang pahayag sa unang kahon at ibigay ang angkop na salin nito sa Filipino. Gawing gabay ang ginawang pagsasalin sa wikang Ingles.

panahon na kung kailan umaahon ang araw	Salin sa Filipino: _____ Salin sa Ingles: <b>rising</b>
nag-iisa na walang magulang	Salin sa Filipino: _____ Salin sa Ingles: <b>orphan</b>
nagpaikot-ikot pababa	Salin sa Filipino: _____ Salin sa Ingles: <b>rolling</b>
pagtaas ng boses sa pagsasalita	Salin sa Filipino: _____ Salin sa Ingles: <b>shout</b>
isang pangyayaring kababalaghan	Salin sa Filipino: _____ Salin sa Ingles: <b>mysterious</b>

B. Basahin ang talata at punan ng katumbas na salita sa Filipino ang mga salitang Ingles na nasa loob ng panaklong upang mabuo ang diwa nito. Hanapin ang sagot na nasa loob ng kahon sa ibaba upang mabuo ang salin. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Nang sumunod na mga 1. (*day*) \_\_\_\_\_ ay may nakitang 2. (*dead*) \_\_\_\_\_ na nakahandusay sa mainit na palayan, isang batang 3. (*male*) \_\_\_\_\_ na alipin. Nakita siya ng tagapagbantay at nilatigo siya, 4. (*crash*) \_\_\_\_\_ ang bata. Pinuntahan siya ni Toby at sinabi nito ang 5. (*word*) \_\_\_\_\_ ng lumang Africa na minsan lang niyang 6. (*heard*) \_\_\_\_\_ kaya hindi niya agad maintindihan. Nakalimutan ng bata ang narinig niya. Nagtungo si Toby at muling 7. (*whispered*) \_\_\_\_\_ sa bata, nakuha niya ang tamang salita. Nagpagulong-gulong siya sa 8. (*wind*) \_\_\_\_\_ Pansamantala siyang nakalipad at siya ay idinuyan sa 9. (*hot*) \_\_\_\_\_ na simoy ng hangin at muli siyang 10. (*flew*) \_\_\_\_\_.

narinig	patay	lalaki	salita	ibinulong
hangin	araw	mainit	lumipad	bumagsak

### Pagsasanay 2: Opinyon Mo, Pangatwiran Mo!

Ikaw ay inaasahang makapagbibigay ng isang mahusay na pangangatuwiran batay sa binasang teksto. Iminumungkahing alamin mo ang opinyon ng iyong mga magulang o kapatid ukol sa pangyayaring nakatala sa ibaba upang makapagsimula ng isang akademikong talakayan. Mula sa talakayang naganap, sumulat ng sariling pangangatuwiran batay sa paksa.

Proposisyon:

***Sa tingin mo, tama ba ang desisyon ng mga katutubong alipin na di isinigaw ang mahiwagang salita?***



## RUBRIK SA PAGSULAT NG OPINYON

PAMAN TAYAN	Napakahusay 4	Mahusay 3	Katamtaman 2	Kailangan pang Paghusayan 1
Paksa/ Kaisipan	Lubhang malinaw at maayos ang lahat ng kaisipang naipahayag	Malinaw at maayos ang kaisipang nabanggit tungkol sa paksa	May ilan lamang na kaisipan ang nabanggit sa paksa	Walang mainam na kaisipang ipinahayag tungkol sa paksa
Pangangatwiran	Sapat ang katibayang inilahad sa pangangatwiran	Nakahihikayat ang ibang nailahad na pangangatwiran	May iilan lamang na pangangatwiran ang inilahad	Walang sapat na katibayang ang inilahad na pangangatwiran
Pagtuligsa	Malinaw at lubos na katanggap-tanggap ang inilahad na pagtuligsa.	May malinaw na pagtuligsa tungkol sa ipinahayag ng kabilang panig.	Hindi sapat ang inilahad na pagtuligsa tungkol sa ipinahayag ng kabilang panig	Walang nailahad na pagtuligsa tungkol sa pahayag ng kabilang panig



### **Tayahin**

*Kahanga-hanga ang iyong determinasyon na ipinakita. Tiyak na marami kang natutuhan sa Modyul na ito. Ito ang magsisilbing inspirasyon mo upang matapos ang bahaging pagtataya.*

- A. Basahin ang pahayag na nasa loob ng kahon at sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang letra ng napiling sagot sa patlang.

Inihalintulad daw siya sa kumpol ng putik, uling na kumikinang sa matigas na batong nakasalansan na hindi matanggal.

*-Salin mula sa Mitolohiya na Maaaring Lumipad ang Tao*



- \_\_\_\_\_ 1. Ano ang kahulugan ng **kumpol ng putik** na binanggit sa bahagi ng binasang Mito?
- A. grupo ng bilanggo
  - B. kabilang sa mahirap na estado ng buhay
  - C. bahagi ng lupa na tumalsik sa lakas ng pagkahagis
  - D. pagkakaroon ng pagkapantay-pantay sa katayuan ng buhay
- \_\_\_\_\_ 2. Ano ang masamang epekto ng pagkakaroon ng **diskriminasyon** sa sangkatauhan?
- A. may pagkakaisa
  - B. malapit tayo sa isa't isa
  - C. magkakaroon ng pag-unlad
  - D. paghihiwalay ng mga tao sa mundo
- \_\_\_\_\_ 3. Aling kataga sa loob ng kahon ang nagpapakita ng salitang **rasismo**?
- “Tumayo ka, ikaw, maitim na baka” hiyaw ng tagapagbantay, itinuro si Sarah at muli na namang hinampas ng latigo sa hita at ang sako niyang damit ay naging basahan. Ang dugo sa kaniyang sugat ay humalo sa putik, di siya makatayo.
- A. maitim na baka
  - B. hinampas ng latigo
  - C. sako niyang damit ay basahan
  - D. paghihiwalay ng mga tao sa mundo
- \_\_\_\_\_ 4. “**At sinabi nila ito sa mga bata**, ang tungkol sa mga taong hindi nakalilipad hanggang ngayon.” Ano ang ipinahihiwatig ng mga salitang may salungguhit?
- A. paglalahad
  - B. paglalarawan
  - C. panghihikayat
  - D. pangangatuwiran
- \_\_\_\_\_ 5. Alin sa mga pahayag ang naglalahad ng damdaming nagbababala?
- A. Teka, may nakalimutan ako.
  - B. Hindi kita mabibigyan dahil kulang ang bayad mo.
  - C. Huwag kayong mananatili diyan nang magdamag, kayo rin.
  - D. Makabubuting lisanin mo ang bahay dahil mas maayos ang buhay mo sa kanya.

Sagutin ang mga tanong.

- a. Paano makatutulong ang mitolohiya sa magkaroon ng kamalayan sa kultura at kaugalian ng isang bansa?

---



---



---

- b. Ano ang mga suliraning kinahaharap sa pagsasaling-wika?


---



---



---



## Karagdagang Gawain

Maligaya ako sa ipinakita mong sipag at tiyaga sa pagtugon sa mga gawain. Mayroon ka nang paunang kaalaman sa pagsasaling-wika at bilang patunay sa iyong kahusayan, inaasahang makapagsasalin ka ngayon sa kasunod na gawain. Panuto: Isalin sa Filipino ang kasunod na talata na mula sa tekstong “Maaaring Lumipad ang Tao”. Isaalang-alang ang mga pamantayan sa pagsasaling-wika.

The watchman told his master what they had witnessed, “It is a lie, it is made of light”. But the watchman did not speak because he knew the truth.

---

---


---

---

---



Binabati kita! Matagumpay at maayos mong naisagawa ang bawat gampanin mo sa araling ito. Sa puntong ito, mayroon ka nang paunang kaalaman bilang tagasuri at tagapagsalin ng wika na isinasaalang-alang ang mga simulain sa pagsasaling-wika. Kung malinaw na sa iyo ang lahat ay maaari ka nang magpatuloy sa iyong paglalakbay sa mundo ng **Anekdot**.



## Susi sa Pagwawasto

3.D	1.F	<b>Balikan</b>
2.B	4.C	
5.G	7.A	
6.E		

3.B	4.B	6.D	7.A	10.C
2.D	5.D	7.A	8.B	
6.D	8.B	9.A		

**Tuklasin**  
**Gawain 2. Tara Manood Tayo!**  
 Reaksyon  
 Ang Africa ay isang kontinente na mayaman sa kultura. Ang bawat tradisyon at paniniwala ay kakaiiba na di mo makikita sa ibang pangkat etniko sa ibang kontinente.

**Gawain 3. Itala Mo**  
 Tradisyon  
 Ang musika ang mga taga-Africa ay nasa anyo ng komunikasyon  
 Ang pagsasayaw nila ay kakaiiba dahil sa paggamit ng maskara at pintura.  
 Paniniwala  
 Naniniwala sila animismo na lahat ng bagay ay may kaluluwa na dapat sambahin.  
 Kultura  
 Ang Africa ay binubuo ng ibat ibang tribo. Ibig sabihin ay mayroon silang pagkakaiiba sa kasuotan, pagluluto ng pagkain at mga produkto.

**GAWAIN 4: Tayo ay magsuri!**

- Ang suliranin na kinaharap ng tauhan ay kung paano maitatago ang kanyang kapangyarihan at kung paano magtatagumpay sa kanyang pananakop.
- Mga desisyon ng pangunahing tauhan

Iihim ang kanyang kapangyarihan	Tumakas sa kulungan	Makipagdigmaan laban sa mga Gala
Pagpapatunay: Tamang iihim ang kanyang kapangyarihan upang di malaman ng iba ang kanyang kahinaan at siya ay di pangkaraniwan.	Pagpapatunay: Sa pagtakas, nakatulong siya sa pagkamit ng iba sa kalayaan.	Pagpapatunay: Dahil sa pakikidigma, napabilang siya sa pamilya ng hari.

3. Emotion/Reaksyon

Ibig ipakahulugan nito na ang tao ay marupok sa mga sitwasyon na-kung saan nakagagawa sila ng mga masasamang bagay upang makamit ang nang walang hirap ang mga ninanais sa buhay.

**Gawain 5 Iugnay Mo**

A. MANNY PACQUIAO (Pangalan ng Personalidad)

- marunong tumulong sa kapwa
- magpamahal sa ina
- marunong ipamalas ang kagalingan
- magaling sa pagdedisyon

B. Mahalagang mensahe

**Sagot:** Upang makamit ang inaasam na tagumpay kailangang magpursigi at tiyaga.

C. Kanino mo ibabahagi ang mensahe ng teksto? At bakit?

**Sagot:** Ibahahagi ko ito sa aking mga kamag-aral at mga kaibigan dahil ang pagbabahagi ng mga aral sa ibang tao ay isang paraan ng pagtulong na rin sa kanila upang makamit nila ang tagumpay.

D. Paano mo isasabuhay ang mensahe ng teksto?

**Sagot:** Maging masipag at matiyaga sa pag-aaral upang makamit ang minimithi sa buhay.

**Gawain 6: Damdamin Mo, I-emoTicon Ko!**

1. Pagkalkikha ng mundo
2. Si Ahriman Mainyu ay naghahangad nang di mabuti tulad ng pagwasak sa mundo samantalang si Ahura Ohrmuzd ay naghahangad na makalkikha.
3. Maaring isang dahilan ang pagkamatay ni gayomord ang mita ng malaking suliranin dahil umusbong ang digmaan sa pagkamatay niya
4. Maaring dahilan ng dalawa upang tumulong sa pakikipaglaban ay ang masamang hangarin ni Ahriman Mainyu na wasakin ang lahat ng linikha.

**Gawain 7. Paghambingin Natin**

**Pagkakaiba:** Ang mitolohiya ng Persia ay nakabatay sa parusa at digmaan

**Pagkakatulad:** Ang mito ng mga taga-Africa at mga taga-Persia ay binubuo ng iba't ibang karakter na mala-diyos at sumasalamin sa iba't ibang kultura at paniniwala na nabuo sa mga bayan na ito

**Pagkakaiba:** Ang mitolohiya ng Africa ay may mga karakter na gumagawa ng kabutihan para a komunidad, gaya ng mga tao sa mga liblib na lalawigan.

**Wika at Gramatika**  
**Balikan**  
**Gawain 1. Alalahanin Natin!**

1. Lumikha ng mundo
2. May tumubong puno sa bangkay
3. Nagkaanak ng tig-15 na kambal

**ISAISIP**  
**Gawain 2: Kwento ko, Surtin Moi!**

**Layunin ng awtor**  
 Layunin ng awtor na ipakita ang paghahirap ng tao kung paano sila nakalaya sa rasismo.

**Damdamin ng teksto**  
 Nakalunungkot isipin na maraming dumae'tranas ng paghahirap sa mundo.

**Natanging katangian ng tauhan**  
 Nakalilipad si Toby

**Gawain 3. LIKES / COMMENT**

1. Konsepto ng pag-asa na makakawala ang mga kasalukuyang paghahirap sa kamay ng pagdurusa sa kontinente ng Africa.
2. Nagpapakita rin ito na ang mga taga-gabay o ang mga indibidwal na magsasalba sa mga naghihikaos ay kasama lamang nila sa kanilang piling at hinihintay lamang silang maging isa muli.
3. Ang kwento ng mga naghirap at lumaban sa paghahirap ay naging laman ng panitikan sa pamamagitan ng salindila.
4. Kailangang ihihim ng mga tao ang kanilang kakayahang mula sa kanilang tribo.
5. Ang kababaihan sa Africa ay mapag-aruga sa kanilang mga sanggol

**Hugot line: Eh ano kung matim ka? Isipin mo na lang champorado ka at lugaw sila. Kaya mas may lasa ka sa kanila.**

**Isagawa:**

**Pagsasanay 1.A**

1. Pagsikat
2. Uila
3. Nagpagulong-gulong

**Pagsasanay 1.B**

1. Araw
2. Patay
3. Lalaki
4. bumagsak
4. Hiyawan
5. Mahiwaga
5. Salita
6. Narinig
7. nabulong
8. Hangin
9. mainit
10. nakalipad

Di ako sang-ayon sa di pagsigaw ng mga alipin ng mahiwagang salita dahil ipinakikita nila na ang kanilang kahinaan upang makawala sa dinaranas na paghahirap sa kamay ng mga kawal.

Sang-ayon ako sa di pagsigaw sa mahiwagang salita ng mga alipin upang di sila mapag-itan ng mga kawal.

(Maaring kasagutan)

### **Pagsasany 2: Opinyon Mo, Pangatwiran Mo!**

• Sa bawat kaisipan na inilahad sa mitolohiya ay natutunghayan ng mga mambabasa ang nangyari sa nakaraan hinggil sa kultura at kaugalian ng mga sinaunang tao sa isang bansa.

• Kadalasang walang sapat na kaalaman sa kultura at kaugalian ng isang bansa.

(Maaring kasagutan)

1. B
2. D
3. A
4. A
5. C

### **Tayahin**

Ang tagapagbantay ay nag-ulat sa kanilang amo patungkol sa kanilang nakita. Ngunit di naniwala ang kanyang amo bagkus pinatanganan siyang sinungaling. Ngunit sa isip ng tagapagbantay ay naniniwala siyang totoo ang kanyang nakita.

### **Karagandang Gawain**

## **Sanggunian**

Ambat, Vilma C., et. al., 2015. *Filipino – Ikasampung Baitang, Modyul para sa Mag-aaral*. Unang Edisyon. Vibal Group Inc.

Department of Education. *Filipino Ikasampung Baitang: Modyul para sa Mag-aaral*. DepEd IMCS, Pasig. First Edition, 2015.

Hous of Jay Roa .2019August 12. Zoroastrianism Creation Story and The Legend of Mashya at Mashyana. [Video] You Tube. <https://www.youtube.com/watch?v=mJP->  
<http://www.a-gallery.de/docs/mythology.htm>

Nicole Brian 2019, April 3 Kaalaman sa Aprika-Tradisyon, Paniniwala, Kultura. [Video]You Tube. <https://www.youtube.com/watch?v=L9JirSoTnWw>

PinoyNewBieBlog 2020 K-12 Learning Modules.PinoyNewBie.com.  
<https://www.pinoynewbie.com/k-12-learning-modules-direct-pdf-downloads/>

Vega, Sheilee B., et al. 2011 *Diksiyonaryong Sentinyal ng Wikang Filipino, Ika-75 Anibersaryong Edisyon*. Manila.

Wikipedia contributors. 2020 list of African mythological figures.

Wikipedia, The Free Encyclopedia. Revision history Statistics.  
[https://en.wikipedia.org/wiki/List\\_of\\_African\\_mythological\\_figures](https://en.wikipedia.org/wiki/List_of_African_mythological_figures)



**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)